Nagpaalam si Al-`Abbas bin Abdul Muttalib sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na matulog sa Meccah sa gabi ng Mina,upang magsagawa ng Siqayah [para sa mga nagsagawa ng Hajj],ipinahintulot ito sa kanya

Ayon kay `Abdullāh bin Umar, malugod si Allah sa kanya.-siya ay nagsabi :((Nagpaalam si Al-`Abbas bin Abdul Muttalib sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na matulog sa Meccah sa gabi ng Mina,upang magsagawa ng Siqayah [para sa mga nagsagawa ng Hajj],ipinahintulot ito sa kanya))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang pagtulog sa Mina sa gabi ng Tashriq ay isa sa mga isinasatungkulin sa pagsasagawa ng Hajj na isinagawa ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Dahil ang pananatili sa Mina sa mga gabing ito at mga araw;ay kabilang sa pananampalataya sa Allah-Pagkataas-taas Niya-at kabilang sa mga tanda ng Hajj,At nang ang pagsasagawa ng Siqayah para sa mga taong nagsasagawa ng Hajj ay isa sa mainam na pagsamba sa Allah,dahil ito ay serbisyo para sa mga taong nagsasagawa ng Hajj sa Bahay Niya at sa mga bisita Niya,Pinahintulutan niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang tiyuhin niya na si `Abbas na iwan ang pagtulog sa Mina,dahil siya ay magsasagawa ng Siqayah,ginagampanaan niya ang Siqayah para sa mga nagsawa ng Hajj,at ito ay para sa ikabubuti ng karamihan,na nagpapatunay na ang iba sa kanya ay hindi magagawa ang tulad ng ginagawa niya,wala siyang mabigat na dahilan kung wala sa kanya ang pagpapahintulot na ito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3108